Pangalan:____________________________Pangkat: ___________________________
Petsa : _____________________________ Marka: ____________________________

**Kasanayan**: Naibibigay ang impormasyong hinihingi ng nakalarawang balangkas.
**Code :** F6EP-IIIa-i-8

Ang pagbabalangkas ay maayos na pagtatala ng mga pangunahin at pantulong na paksa sa isang akda. Maaaring gamitin sa balangkas ang anyong papaksa at anyong pangungusap. Ginagamit ang bilang Romano,malaking titik at bilang Arabic sa pagtala ng mga kaisipan sa balangkas ng akda.

**Gawain 1** Panuto: Basahin mabuti ang teksto at ibigay ang hinihingi sa bawat tanong.

Talentong Biyaya ng Maylikha

Ika-17 ng Disyembre taong 1978, isinilang sa mag-asawang Rosalio Pacquiao at Dionesia Dapidran-Pacquiao ang isang sanggol na pinangalanang Emmanuel Dapidran Pacquiao,ang maghahatnid ng karangyaan sa kanilang buhay. Mas kilala siya bilang Manny. Sa Kibawe,Bukidnon siya isinilang at pang-apat sa anim na magkakapatid. Habang siya ay nasa ikaanim na baitang, ang kanyang mga magulang ay nagkahiwalay.

Ikinasal si Manny Pacquaio kay Maria Geraldine Jamora o mas kilala bilang "Jinkee" at biniyayaan sila ng apat na supling. Tumira sila sa General Santos, South Cotobato at Kiamba,Saranggani.

Si Manny Pacquiao ay pinagkalooban ng ranggo bilang Seargeant Major for the 15th Ready Reserve Division of the Philippine Army. Sa kanyang kabataan,pangarap na niyang maging isang sundalo. Sa katunayan, siya ay naging Private Army noon. Dahil sa kahirapan sa buhay,hindi niya naipagpatuloy ang kanyang pag-aaral. Nakatapos si Manny Pacquiao sa elementarya sa Saavedra Saway Elementary School sa General Santos City. Napilitang iwanan ni Manny ang kanyang pamilya sa edad na 14 para makipagsapalaran sa ibang lugar. Dahil sa galing at talino,kumuha siya ng high school equivalency exam,para makatuntong sa kolehiyo. Noong Pebrero 2007, naipasa niya ang nasabing exam at siya ay napagkalooban ng Department of Education ng high school diploma. Pagkatapos noon, siya ay nag-enrol sa Notre Dame of Dadiangas University sa General Santos City at kumuha ng kursong Business Management. Pinagkalooban siya ng maraming pagkilala sa larangan ng boksing. Ilan sa ipinagkaloob sa kanya ang Forbes The Celebrity 100 taon 2010, Time 100 Most Influential People noong 2009 at naging cover pa ng The Asia Magazine.

Kamangha-mangha ang talento ni Manny sa pagboboksing na isangbiyayang kaloob sa kanya ng dakilang lumikha

Manny Pacquiao

I. Kapanganakan at mga magulang

a.

b.

LIVEWORKSHEETS

c.

II. Sariling Pamilya

a.

b.

III. Pag-aaral

a.

b.

c.

IV. Mga Parangal bilang pagkilala

a.

b.

c.

d.

| | |
|---|---|
| Disyembre 17,1978 | Maria Geraldine Jamora |
| Saavedra Saway Elementary School | Seargeant Major for the 15th Ready Reserve Division |
| 4 na supling/anak | Forbes the Celebrity 100 |
| High School Equivalency Exam | Rosalio Pacquiao |
| Dionesia Dapiran-Pacquiao | Notre Dame of Dadiangas University(Business Management) |
| Time 100 Most Influential People | The Asia Magazine |

LIVEWORKSHEETS